# Batang Pinoy Ako

## *Batayang Aklat sa Filipino 3*




**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

3

Baitang

# Batang Pinoy Ako

## Filipino
## Kagamitan ng Mag-aaral
## UNIT 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
**HINDI IPINAGBIBILI**
INILAAN PARA SA

Distrito/Paaralan: ______________________________
Dibisyon: _______________________________________
Unang Taon ng Paggamit: _____________________
Pinagkukunan ng Pondo (pati Taon):_________

**BATANG PINOY AKO – Ikatlong Baitang**
**Filipino – Kagamitan ng Mag-aaral**
**Unang Edisyon, 2014**
**ISBN :**

**Paunawa hinggil sa Karapatang-Sipi.** Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamhalalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapang naghanda at/o naglathala ng akda bago at upang magamait sa layuning komersiyal.

Nagtataglay ng karapatang-ari ang mga akda/materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, atbp.) na ginamit sa aklat na ito. Pinagsikapang hanapin at hilingin ang pahintulot ng mga karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (publisher) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilalathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim : Br. Armin A. Luistro, FSC
Pangalawang Kalihim : Dina S. Ocampo

**Punong Tagapangasiwa:** Angelika D. Jabines; **Pangalawang Tagapangasiwa:** Marilou Martha E. Benisano; **Manunulat:** Florenda Cardinoza, Jenny-Lyn Trapane, Amaflor Alde, Agnes G. Rolle, Josenette Brana, Ronald Ramilo, Louiegrace Margallo, Mercelita Salazar, Aireen Ambat, Lea Agustin, Natasha Rae Natividad, Cynthia Reyroso, Dolorosa Castro, Modesta Jaurigue.
**Tagapag-ambag:** Maria Hazel J. Derla, Gratcielo Chiara D. Badillo, Elgie Ariniego, Ma. Cristina C. Garcia; Evelyn de Castro, Malou M. de Ramos, Maria Castillo-David
**Konsultant:** Dr. Lydia Liwanag, Ani Rosa Almario; **Editor**: Benilda Santos, Jomar Empaynado
**Tagapagtala:** Jasmin Bangisan, Aprilyn Montilla **Tagaguhit** : Kristel de Guzman, Kenneth Cubol ,Michael Cajis, Jefrey V. Cambronero, Reynaldo A. Simple **Taga-anyo:** Ferdinand Bergado.

**Inilimbag sa Pilipinas ng** __________

**Department of Education – Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**
**Office Address** : 5th Floor Mabini, Bldg.
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
**Telefax** : 02 – 634- 1054 o 634- 1072
**E-mail Address** : imcsetd@yahoo.com

# PAUNANG SALITA

Kumusta mga bata?

Sadyang isinulat at inihanda para sa iyo ang Kagamitan ng Mag-aaral na ito. Ito ang magiging kaibigan mo sa pag-aaral ng Filipino at magiging kasama mo at ng iyong mga kaibigan sa pagtuklas ng mga bagong konsepto at kaalaman sa pamamagitan ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat, at pagtanaw. Ang lahat ng mga gawain na inilagay dito ay gagawin mo sa paggabay ng iyong guro. Basahin at unawain ang mga panuto na mababasa dito upang maging matagumpay ka sa mga gawaing sadyang inihanda para sa iyo.

Ang mga aralin dito ay nahahati sa apat na yunit.

- Pamilya Ko, Mamahalin Ko
- Pamayanan Ko, Pagyayamanin Ko
- Bansa Ko, Ikararangal Ko
- Kakayahan Ko, Ipagmamalaki Ko

Ang bawat aralin naman ay may mga gawain tulad ng :

**Alamin Natin**. Dito mo mababasa ang mga kuwento, tula, at talata na magiging daan sa pagtalakay ng mga kasanayang lilinangin sa bawat aralin.

**Linangin Natin.** Ito ay pagsasanay ng mga kakayahan o kaalaman na tinalakay sa klase. Maaari itong isagawa nang ikaw lamang o kasama ang iyong pangkat.

**Tandaan Natin**. May mababasa ka dito na mga pangungusap na hindi kumpleto. Pupunanmo lamang ang mga

ito ng mga salita upang maipakita ang natutuhan mo sa isang aralin.

**Pagyamanin Natin**. Karagdagang pagsasanay ito hinggil sa mga natutuhan mo.

Sa paggamit ng kagamitang ito, upang ikaw ay maging matagumpay, tandaan mo lamang na laging hintayin ang hudyat o mga panuto na sasabihin ng iyong guro.

Sana sa paggamit mo nito, maging isa kang tunay na Batang Pinoy na maka Diyos, makatao, makabayan at makakalikasan.

Maligayang pag-aaral sa iyo!

**MGA MAY-AKDA**

## TALAAN NG NILALAMAN

*Yunit I – Pamilya Ko Mamahalin Ko*

**Aralin I – Ako Ito** ........................................ 7
- Paggamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay

**Aralin 2 – Pamilya Ko** ........................................ 12
- Paggamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay
- Pagkilala sa Iba't ibang Bahagi ng Aklat

**Aralin 3 – Pag-uugali Ko** ........................................ 14
- Paggamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay

**Aralin 4 – Libangan Ko** ........................................ 17
- Paggamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay
- Paggamit ng Diksiyunaryo

**Aralin 5 – Pangarap Ko** ........................................ 20
- Pagbibigay ng Tauhan, Tagpuan at Banghay ng Kuwento
- Paggamit ng Panghalip (Ako, Ikaw, Siya)

**Aralin 6 – Kakayahan Ko** ........................................ 24
- Paggamit ng Panghalip (Kami, Tayo, Kayo, Sila)
- Pagbibigay-kahulugan sa Pictograph

**Aralin 7 – Paniniwala Ko** ........................................ 27
- Pagbuo ng Bagong Salita
- Paggamit ng Panghalip (Kami, Tayo, kayo, Sila)

**Aralin 8 – Karapatan Ko** ........................................ 31
- Pagbibigay ng Wakas sa Binasang Kuwento
- Paggamit ng Panghalip Pamatlig (Ito, Iyan, Iyon)
- Paggamit ng Iba't Ibang Bahagi ng Aklat sa Pagkalap ng Impormasyon

**Aralin 9 – Tungkulin Ko** ........................................ 34
- Paggamit ng Panghalip Pamatlig (Ito, Iyan, Iyon)
- Paggamit ng mga Kasalungat na Salita

**Aralin 10 – Kaibigan Ko** ........................................ 38
- Pagtukoy ng mga Bahagi ng Kuwento
- Paggamit ng Panghalip Pamatlig (Ito, Iyan, Iyon)

Aralin 1

# Ako Ito

## Alamin Natin

Nakapunta ka na ba sa isang pista? Ano-ano ang natatandaan mo rito? Babalik ka ba rito? Bakit?

Basahin nang tahimik ang kuwento upang malaman kung bakit babalik ang ating bida sa pistang kaniyang napuntahan.

**Ang Pistang Babalikan Ko**

Araw ng Sabado noon. Isinama ako ni Nanay sa Lucban, Quezon upang dumalo sa Pahiyas Festival. Malugod kaming tinanggap ng aming mga kamag-anak. Maraming tao ang bumibisita sa kanilang lugar sa ganitong araw. Bigla akong napalabas ng bahay nang marinig ko ang sigawan.

“Hayan na! Hayan na! Magsisimula na ang parada!” ang sigawan ng mga tao. Ang daming tao sa kalsada! Lahat sila gustong makapanood. Dahil ako ay maliit, wala akong masyadong makita. Natuwa ako sa isang dayuhan nang yayain niya akong lumipat sa kaniyang puwesto sa unahan. Agad akong nagpasalamat sa kaniya.

Naging kapana-panabik sa bawat isa ang panonood ng parada ng makukulay na karosa na may palamuting mga produkto ng bayan. Bawat karosa ay talagang napakaganda.

“Wow! Nakakatuwa talaga dito. Sana ay isama uli ako ni Nanay sa susunod na taon,” ang sabi ni Rodel.

“Naku! Lalo kang malilibang kapag nakita mo ang maririkit nilang palamuti sa kanilang mga bahay. Talagang malikhain ang mga taga-Lucban,” sambit naman ni Nanay.

Hinding- hindi ko malilimutan ang pistang ito. Babalik ako.

## Linangin Natin

Punan ng angkop na salita ang mga pangungusap ayon sa iyong sariling karanasan. Isulat ang sagot sa iyong **notebook**.

1. Dumalo ako sa kaarawan ng aking kaklase. Marami akong kinain tulad ng______, ______, _______, at _______. Nagkaroon din ng mga palaro.
2. Tuwing buwan ng ________, nagdiriwang ang aming baryo ng kapistahan. Dito masaya ang mga _____at _________. Maraming handang pagkain tulad ng ______, _______, at _______ sa halos lahat ng bahay.
3. Tuwing araw ng Pasko, masaya kami sa aming________. Naghahanda ng aking ina ng masasarap na_______. Sabay-sabay kaming nagtutungo sa _______upang magpasalamat sa Dakilang Lumikha. Nagpupunta rin kami sa aming ______, ______, _______, ______, ________, at _______ upang humalik sa kanilang kamay.

## Tandaan Natin

Tingnan kung paano ginawa ng iyong guro ang isang kiping. Ngayon, ikaw naman ang gagawa nito .

Matapos gawain ang iyong kiping, sipiin sa loob nito at kumpletuhin ang sumusunod na pangungusap:

Natutuhan ko sa araling ito na ______________________ _______________. Kaya _______________.

## Pagyamanin Natin

Basahin ang kuwento. Kung tapos na, sumulat ng isang talata na may tatlong pangungusap tungkol sa katulad na karanasan. Isulat ang kuwento sa iyong **notebook**.

**Ang Pamamasyal sa Parke**

Tuwing araw ng Linggo pagkatapos magsimba, kaming magkakapatid ay ipinapasyal ng aming mga magulang sa parke. Masaya kaming naglalaro dito ng habulan, taguan, pagpapalipad ng saranggola, at kung ano-

ano pang laro na aming maisip. Tapos, kakain kami ng masasarap na pagkaing niluto ni Nanay. Samantala si Tatay naman ay abala sa pagkuha sa amin ng mga larawan.

## Alamin Natin

Ano-anong paghahanda ang isinasagawa sa inyo bago ang araw ng kapistahan? Tingnan kung pareho ng ginagawa ng mag-anak sa ating kuwento.

### Pista sa Aming Bayan

Bata't matanda ay abalang-abala. Lahat ay tumutulong sa paghahanda sa nalalapit na kapistahan. May kabataan na nagtutulong-tulong sa paggawa at paglalagay ng mga banderitas .


May ilang kababaihan naman ang nag-aayos ng bulaklak sa mga sasakyan na gagamitin sa prusisyon. Ang mga lalaki naman ay nag-aayos ng mga ilaw.

Ang mga Nanay naman ay abala na sa paghahanda ng mga pagkain tulad ng suman, halaya, atsara at iba pang kakanin. Ang mga Tatay naman ay nag-aayos ng kanilang mga bakuran.

Ang mga batang tulad ko ay hindi rin pahuhuli. Kami ay katulong sa paglilinis ng aming bahay.

## Linangin Natin

Ano-ano ang pangngalan na ginamit sa binasa mong kuwento? Isulat ang mga ito ayon sa kanilang kategorya. Gawin ito sa isang malinis na papel.



## Tandaan Natin

Batay sa iyong napag-aralan, kaya mo nang kumpletuhin ang pangungusap na:

Ang pangngalan ay ________ ng ________, _________, ________, __________ at ___________.

## Pagyamanin Natin

Pumili ng isa o dalawang salita mula sa listahan. Gamitin ang mga ito sa sariling pangungusap na magsasabi ng iyong karanasan.

bagyo bulaklak palengke pusa

## Alamin Natin

Gusto mo bang makaipon ng pera? Alkansiya ang kailangan mo. Kung may mga lumang botelya o lata sa inyong bahay, maaari mo itong gamitin.

Tingnan natin sa kuwento kung paanong napakinggan ang alkansiya ng isang pamilya.

### Ang Aking Alkansiya

Araw-araw, maagang akong gumigising upang ihanda ang sarili sa pagpasok. Naliligo. Nagbibihis ng damit pampaaralan.

Araw-araw, paglabas ko sa aking silid, dumidiretso ako sa aming kusina. Sa hapag-kainan, doon ko makikita ang masarap na almusal na luto ng aking Nanay.

Matapos kumain, sasabay na ako kay Tatay sa pagpasok sa paaralan.

Isang araw, paglabas ko sa aming silid-kainan. Wala si Nanay. Wala ring masarap na almusal. Kaya't hinanap ko si Nanay.

Nakita ko siya sa kanilang silid-tulugan.

Umiiyak. May sakit pala si Tatay at kailangang dalhin sa ospital. Bumalik ako sa aking kuwarto. Pinahid ko ang aking luha at kinuha ang aking alkansiya.

Iniabot ko ito kay Nanay. At isang mahigpit na yakap ang kaniyang ibinigay sa akin.

## Linangin Natin

Kunin mo ang iyong **notebook**. Gawin ang sinasabi sa bawat panuto.

1. Basahin ang talaan ng ngalan ng mga kaklase mo na ipakikita ng guro.
   Sipiin ang ngalan ng sampung kaklase na nais mong imbitahan sa iyong kaarawan.
2. Narito naman ang talaan ng mga pagkain. Sipiin ang limang nais mong kainin.

| | | |
|---|---|---|
| - *cake* | *candy* | *pritong manok* |
| - *atis* | *bayabas* | *lansones* |
| - *karne* | *isda* | *itlog* |
| - *cheese* | *gatas* | *tinapay* |
| - *carrot* | *kalabasa* | *sibuya* |

## Tandaan Natin

Kumpletuhin ang pangungusap.

Sa pagsipi ng ngalan ng tao at lugar dapat tandaan na ito ay laging nagsisimula sa __________ o _________ letra.

Sipiin ang mga salita ng ________ at ______ upang hindi magkamali sa pagbasa nito.

## Pagyamanin Natin

Basahin mong muli ang kuwentong "Ang Alkansiya." Sa iyong **notebook**, sipiin at ipangkat ayon sa kategorya ang mga pangngalan na ginamit dito.

Aralin 2

# Pamilya Ko

## Alamin Natin

Paano kayo nagtutulungan sa inyong mag-anak? Katulad din ba ng mag-anak sa tula?

Ang Aming Mag-anak
*(www.takdangaralin.com)*

Ang aming mag-anak ay laging masaya
Maligaya kami nina Ate at Kuya.
Mahal kaming lahat nina Ama't Ina
Mayroon ba kayong ganitong pamilya?

Kahit sa paggawa'y pagod ang katawan,
Tulong ni Ama ay laging nakaabang.
Suliranin ni Ate ay nalulunasan
Sa tulong ni Inang laging nakalaan.

## Linangin Natin

Pag-aralan ang mga salita na mababasa sa **Puno ng mga Salita** na ginawa ng iyong guro. Pumili at gamitin sa pangungusap ang isang pares ng salitang magkatugma .

## Tandaan Natin

Magkakatugma ang mga salita kung _____________.

## Pagyamanin Natin

Mula sa mga binasa ng guro, sumipi ng isang maikling tugma. Bilugan ang mga salitang magkakatugma na ginamit dito.

## Alamin Natin

Natatandaan mo ba ang tula na "Ang Aming Mag-anak?" Basahin mo itong upang masagot ang mga tanong na ibibigay ng iyong guro.

## Linangin Natin

Pumili ng isang ngalan na binanggit sa tulang binasa. Sumulat ng isang pangungusap tungkol sa napiling ngalan.

## Tandaan Natin

Kumpletuhin ang pangungusap.

Nagagamit ang _________ sa pagsasabi ng ngalan ng tao, lugar, at bagay.

## Pagyamanin Natin

Pag-aralan ang larawang ipakikita ng guro. Sumulat ng dalawang pangungusap tungkol dito. Guhitan ang mga pangngalan na ginamit.

## Alamin Natin

Sino-sino ang kasapi ng iyong pamilya? Ano ang tungkulin ng bawat isa? Tulad ng isang pamilya , ang aklat ay may kaniya ring bahagi. At ang bawat isa ay may ginagampanang tungkulin , tulad mo sa iyong sariling pamilya.

Alamin natin sa tulang babasahin mo ang bawat bahagi ng aklat at ang ginagampanan ng bawat isa.

Mga Bahagi ng Aklat
*ni RCJ*

Bahaging <u>pabalat</u>
<u>laman</u> ay <u>ngalan</u> ng <u>aklat</u>
Ang paunang <u>salita</u>
mula sa may-<u>akda</u>.

Ang talahuluganan
nagbibigay ng kahulugan
Talaan ng nilalaman
pagkakasunod-sunod naman.
Kung nais makita'y kabuuan
sumangguni ka sa katawan
At sa karapatang–ari naman
malalaman limbag kung saan at kailan.

## Linangin Natin

Kumuha ng isang aklat. Sabihin at ipakita sa klase ang bawat bahagi nito.

## Tandaan Natin

Ang mga bahagi ng aklat ay ________, ________________, ________________, _______________ at _______________.

## Pagyamanin Natin

Kunin ang gamit sa Art. Gumawa ng isang **dummy** ng aklat upang maipakita ang mga bahagi nito. Isulat ang ngalan ng bawat bahagi ng aklat.

3
Aralin

# Pag-uugali Ko

## Alamin Natin

Ano-ano ang ginagawa mo tuwing araw ng Sabado? Katulad din ba ng kay Ian? Tingnan natin sa kuwento.

### Ang Sarap Talaga!

Ako si Ian. Ang tawag nila sa akin ay Ian Masipag. Sa umaga, pagkagising ko agad kong inaayos ang aking higaan at mag-isa na akong maglilinis ng aking katawan.

Habang naghihintay ako na maluto ang aming almusal, tinutulungan ko si Kuya sa pagdidilig ng mga halaman sa aming hardin.

Kapag si Ate naman ay nakikita kong naglilinis sa loob ng aming bahay, tinutulungan ko siya sa pagpupunas ng mga mesa.

Si Tatay naman ay tinutulungan ko sa pagpapakain ng kaniyang mga alagang manok.

Pagkatapos naming kumain ng almusal, ako lagi ang tagalinis ng mesa.

Matapos kong tulungan ang aking pamilya, lalabas na ako ng aming munting bahay upang makipaglaro sa aking mga kaibigan. Ang sarap talaga kapag araw ng Sabado!

## Linangin Natin

Pumili at pumunta sa isang **learning center** na inihanda ng iyong guro. Gawin ang mga panuto na mababasa sa **learning center**.

## Tandaan Natin

Natutuhan ko na mahalaga ang pagsunod sa nakasulat na panuto upang ___________________________.

## Pagyamanin Natin

Basahin at sundin ang mga nakasulat na panuto sa loob ng silid-aralan .

## Alamin Natin

Ano-ano ang pangngalan na ginamit sa kuwento ni Ian? Basahin muli ang kuwento niya upang makatiyak.

## Linangin Natin

Mula sa **Kahon ng mga Larawan** na inihanda ng iyong guro, kumuha ng isang larawan. Sabihin ang ngalan nito at magbigay ng isang pangungusap tungkol dito.

## Tandaan Natin

Natutuhan ko sa araling ito na ginagamit ang _______ sa pagsasalaysay tungkol sa tao, lugar, at bagay sa paligid.

## Pagyamanin Natin

Hintayin ang hudyat ng iyong guro upang lumabas ng silid. Mula sa hardin, kumuha ng isang bagay na nakapukaw ng iyong pansin. Idikit ito sa iyong **notebook** at sumulat ng pangungusap tungkol dito.

## Alamin Natin

Basahin muli ang kuwento ni Ian. Tukuyin ang mga salitang ginamit dito na may dalawa at tatlong pantig.

## Linangin Natin

Sa iyong **notebook** sipiin ang parirala sa kuwentong "Ang Sarap Talaga" na sumasagot sa sumusunod na tanong**.**

1. Ano ang ginagawa ni Ian pagkagising niya?
2. Ano ang ginagawa niya habang naghihintay na maluto ang almusal?
3. Paano niya tinutulungan ang kaniyang Ate?
4. Ano ang ginagawa ni Ian at ng kaniyang Tatay?
5. Saan pumupunta si Ian matapos ang kumain ng agahan?

## Tandaan Natin

Sa pagsipi ng parirala, dapat kong tandaan na ________.

## Pagyamanin Natin

Mula sa kuwentong "Ang Aking Alkansiya," sipiin sa iyong **notebook** ang dalawang pariralang binubuo ng mga salitang may dalawa hanggang tatlong pantig.

Aralin 4

# Libangan Ko

## Alamin Natin

May alam ka bang laro ng lahi? Alamin ito sa tekstong babasahin.

Tara na, Laro Tayo!

Anong laro ang alam mo? Sigurado ako- tulad ko- ang nasa isip mo agad ay **online games** na lagi mong nilalaro sa harap ng **computer**. Tama?

Pero alam mo ba marami pala tayong mga laro na sadyang sariling atin. Ang tawag dito ay laro ng lahi. Ito ang isa sa mga sumisimbolo ng ating pagiging Pilipino. Ito rin ay tumutulong sa paghubog sa pagkakaisa natin, ang pagiging isport. Ginagawa din nitong alisto ang ating isip at malakas ang ating pangangatawan. Higit sa lahat binibigyan nito ng isang makulay na karanasan ang bawat batang Pilipino.

Sino sa atin ang hindi nakakaalam ng Jack en Poy? Ito ay isa sa mga laro ng lahi na kinagigiliwan ng lahat, bata man o matanda. Nariyan din ang patintero na ang kailangan lamang ay pamato na puwede ang isang maliit na bato na nasa tabi-tabi lamang. Kung marami namang goma o **rubber band**, pagdugtung-dugtungin lamang ang mga ito. Tawagin ang mga kaibigan at lumukso habang umiikot nang pabilis nang pabilis ang nilubid na goma. Kapag nasabit ang paa mo, taya ka na. Ito ang luksong lubid.

Kung maliwanag naman ang buwan, yakagin mo ang iyong mga kaibigan at kayo ay magtagu-taguan sa labas ng bahay. Mag-ingat lamang sa pagtatago at baka mahuli ka kaagad. Kung ayaw mo naman ng tagu-taguan, puwede rin naman na maglaro tayo ng bahay-bahayan sa loob o labas man ng bahay.

Ito ay ilan lang sa mga laro ng ating lahi na talagang napakasayang laruin. Kung iisa-isahin natin lahat hindi tayo matatapos. Kaya, tara na, laro na tayo!

## Linangin Natin

Sumama sa iyong pangkat. Sagutin ang mga tanong na mababasa sa papel na ibibigay ng iyong guro.

## Tandaan Natin

Upang masagot ko ang mga tanong sa tekstong aking binasa, kailangan kong ______________________________.

## Pagyamanin Natin

Sa mga laro ng lahi na binanggit sa talata, ano ang nais mong laruin? Ipaliwanag kung bakit ito ang pinili mo.

## Alamin Natin

Habang binabasa ang "Tara na , Laro Tayo" subukang sagutin ang sumusunod na tanong:

- Sino ang puwedeng maglaro ng bawat larong binanggit?
- Kailan ito nilalaro?
- Saan ito nilalaro?

## Linangin Natin

Kasama ang iyong pangkat, umisip ng isang bago at orihinal na laro. Isulat ang kagamitan para dito at kung paano ito lalaruin. Matapos ito, subuking ipalaro sa mga kaklase.

## Tandaan Natin

Natutuhan ko na binubuo ang mga salita ng mga __________ at________. Mahalagang malaman ang tamang __________ ng isang salita upang mabasa o maisulat ito nang tama.

## Pagyamanin Natin

Maghanda upang isalaysay sa klase ang isang laro na naibigan mo.

## Alamin Natin

Pag-aralan mo ang isang pahina na hinango sa isang diksiyunaryo.

| prototipo | pukawin |
|---|---|
| prototipo – orihinal; modelo; huwaran | publiko – taong- bayan |
| proyekto – binalak na gawain | publisidad –anunsyo; pagsasabi sa madla |
| **prunes** – pinatuyong uri ng ubas | pukaw – hindi tulog |
| prutera – lalagyan ng prutas | pukawin – gisingin |

## Linangin Natin

Gamit ang isang diksiyunaryo, ibigay ang kahulugan ng sumusunod na salita.

1. bahaghari
2. haligi
3. parusa
4. sagisag
5. sira

## Tandaan Natin

Natutuhan ko na sa paggamit ng diksiyunaryo, kailangan kong ______________________________.

## Pagyamanin Natin

Basahin muli ang “Tara na, Laro Tayo.” Sipiin sa diksiyunaryo ang kahulugan ng mga salitang hindi mo maunawaan sa talatang ito.

# 5 Aralin

# Pangarap Ko

## Alamin Natin

Sino-sino ang iyong kaibigan? Ano ang pangarap ninyong magkakaibigan? Tingnan natin ang pangarap ng magkakaibigan sa kuwento at kung paano nila ito naabot.

Pulang Watawat

*ni Maria Hazel J. Derla*

"Unahan tayo!" At sabay-sabay na nagtakbuhan ang magkakaibigan na sina Bobie, Anna, Jacko at Mark. Mag-uunahan silang makarating at makuha ang pulang watawat na nasa dulo ng kalsadang ginawa nilang laruan nang hapong iyon. Si Eva ang nagbabantay ng watawat na ito.

"Sige, takbo. Bilisan niyo," ang sigaw ni Eva sa kaniyang mga kaibigan.

Nang biglang matapilok si Anna. Sinubukan niya muling tumakbo ngunit hindi na niya talaga makaya ang sakit. Tuluyan na siyang napaupo. Hindi na niya makukuha ang pulang watawat. Siya pa naman ang nangunguna sa kanilang takbuhan. Napaiyak si Anna, talo na siya. Ipinangako pa naman niya ito sa bunso niyang kapatid na si Celia.

Walong kamay ang sa kaniya ay bumuhat.

"Sama-sama nating kunin ang pulang watawat," ang sabi ng kaniyang mga kaibigan.

## Linangin Natin

Mula sa usapang mababasa, tukuyin ang (1)tauhan, (2)tagpuan, at (3) mga pangyayari dito.

Pangarap Ko

Nagkuwentuhan na lamang ang magkakaibigan habang nagpapahinga si Anna sa kaniyang silid.

Jacko : Wow! Ang galing mo naman. Samakatuwid gusto mong maging artista. Ikaw, Bobie, ano ang gusto mo paglaki?

Bobie : Nais kong maging guro. Gusto kong turuan ang mga bata na magbasa, magsulat at magbilang tulad ni Tiya Liling. Siya ang naghikayat sa akin na maging guro balang araw.


Maryan : Ako gusto kong maging doktor. Gusto kong tumulong sa mga maysakit lalo na ang mga walang pera sa pagpapagamot tulad ni Anna.

## Tandaan Natin

Ang mga elemento ng kuwento ay _________, _________, at __________.

## Pagyamanin Natin

Kumpletuhin ang hinihingi ng **organizer** matapos basahin ang kuwento. Gawin ito sa iyong **notebook.**




Paglalakbay sa Baguio
*ni Maria Hazel J. Derla*

Isa si Ruth sa mga batang babaeng iskawt na napili upang magtungo sa Baguio. Natuwa siya nang payagan siyang sumama ng kaniyang mga magulang.

Agad niyang inihanda ang kaniyang mga dadalhin. Naghanda na siya ng listahan kaya madali na niya itong matatapos. Ngunit nawawala ang kaniyang alampay. Hindi puwedeng wala ito. Hinanap niya ito sa kaniyang kabinet ngunit

talagang wala. Napaiyak si Ruth. Hindi na siya makakasama kung bakit ba naman iyong pinakaimportante ang nawawala.

Pumasok ang kaniyang Nanay, dala-dala ang bagong plantsang alampay. Napalundag sa tuwa si Ruth na ipinagtaka ng kaniyang Nanay.

## Alamin Natin

Basahing muli ang usapan ng magkakaibigang sina Jacko sa pahina 17. Alamin kung ano-ano ang pangarap ng magkakaibigan.

## Linangin Natin

Sa iyong pangkat, pag-usapan ninyo ang pangarap ng bawat isa. Maghanda ng isang usapan na iparirinig sa klase gamit ang mga natutuhang panghalip panao.

## Tandaan Natin

Ginagamit ang ako kapag ___________.
Ginagamit ang ikaw naman kapag _________ samantalang ginagamita ang siya kapag _________.

## Pagyamanin Natin

Sumulat ng isang **script** na nagpapakita ng usapan ninyong magkakaibigan tungkol sa inyong pangarap. Gamitin ang ako, ikaw at siya.

## Alamin Natin

Bawat isa sa atin ay may pangarap sa buhay. Ano nga ba ang ginagawa natin upang maabot ito?

Pag-abot sa Pangarap

Bawat bata ay may pangarap. Bawat bata ay may karapatang magkaroon ng edukasyon. Ibig sabihin dapat lahat

ng mag-aaral ay nasa loob ng paaralan. Sa ganitong paraan, tiyak na maaabot nila ang kanilang pangarap sa buhay.

May mga batang nais maging doktor, pulis, nars, o dili naman kaya ay guro. Pero tingnan mo ang upuan sa silid-aralan. Kumpleto ba kayo sa klase?

Bakit may mga batang laging wala sa klase? May sakit ba? Tinatamad kaya? Ano ang dahilan?

Ayon sa ilang mag-aaral, hindi sila pumapasok dahil hindi nila gusto ang kanilang pinag-aaralan. Minsan din naman ayaw nila sa kanilang **teacher**. Ang iba naman walang baon, pera man o pagkain, kaya hindi na lang sila pumapasok. Iyong iba naman, tinatanghali ng gising dahil sa napuyat sa paglalaro sa **computer.**

Kung laging ganito paano nila maaabot ang kanilang pangarap? Paano na sila??

## Linangin Natin

Sang-ayon ka ba sa sinabi ng talatang iyong nabasa? Sumulat ng isang talata na may tatlo hanggang limang pangungusap na sasagot dito. Isulat ito sa **notebook**.

## Tandaan Natin

Dapat kong tandaan na sa pagsulat ng isang talata, kailangan kong gawin ang sumusunod: ______________________, __________________, _____________________ at __________________.

## Pagyamanin Natin

Isulat muli ang talata. Isaalang-alang ang iyong mga sagot sa katanungan na ibinigay ng guro sa pagsusuri nito.

Aralin 6

# Kakayahan Ko

## Alamin Natin

Natatandaan mo ba ang kuwentong "Ang Aking Alkansiya?" Paano nakatulong sa kaniyang magulang ang batang bida sa kuwento? Gusto mo rin bang makaipon tulad niya?

Pag-aralan kung paano makagagawa ng isang simpleng alkansiya.

Paggawa ng Alkansiya

Kagamitan:

pandikit, gunting, makulay na **magazine**, basyo ng pulbos o alkohol

Mga hakbang:

1. Kumuha ng basyo ng polbos, alkohol o iba pang bagay na maaaring paglagyan ng pera.
2. Butasan ang gitna gamit ang matulis na bagay,tulad ng kutsilyo ( Maaaring magpatulong sa nakatatanda.)
3. Kunin ang iba't ibang makukulay na **magazine** at gupitin ito sa nais na disenyo. Mas maraming kulay, mas maganda.
4. Lagyan ng pandikit ang ginupit-gupit na **magazine** at idikit ito sa basyong binutasan.
5. Patuyuin.

## Linangin Natin

Saan mo inilalagay ang iyong mga lapis, **ballpen** at krayola sa ibabaw ng mesa mo? Basahin kung paano gumawa ng isang **penholder** at sagutin ang mga tanong tungkol dito.

1. Kumuha ng latang walang laman.
2. Linisin ito.
3. Gumupit ng diyaryo at idikit sa labas ng lata.
4. Idikit ang mga ginupit na papel upang maging disenyo.

Sagutin sa **notebook** ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang unang hakbang sa paggawa ng **penholder**?
2. Ano ang gagawin sa diyaryo?

## Tandaan Natin

Upang masagot ang mga tanong tungkol sa binasa ko, kailangan kong _______________.

## Pagyamanin Natin

Basahin ang nakapaskil na paraan sa paggawa ng isang **pinwheel**. Sagutan ang mga tanong tungkol dito.

## Alamin Natin

Likas sa mga Pilipino ang pagiging matulungin. Bata, matanda, mahirap man o mayaman, kapag oras ng pangangailangan, lahat ay bukas-palad sa kapwa. Alamin natin kung paano nakatulong ang magkakaibigan sa paghahanda ng **relief goods** na dadalhin sa mga biktima ng kalamidad.

Maliit Man ay Malaki Rin

Nagkayayaan ang magkakaibigan na pumunta sa **relief center** upang tumulong sa pag-aayos ng mga damit at pagkain na dadalhin sa **evacuation center**.

**Janet** : Magandang umaga po. Ako po si Janet at sila ang aking mga kaibigan. Tutulong po kami sa inyo.

**Bb. Luz** : Naku, salamat naman. Sige doon kayo pumuwesto sa may bandang dulo sa kanan. Paki-ayos ang mga damit at mga pagkain.

**Lea** : Jenny, tayo na lamang ang maglagay ng dalawang **noodles** sa lahat ng **plastic bag**.

**Rosa** : Lino, Eldy. Kayo naman ang bahala sa pagkikilo ng sampung kilo ng bigas. Sila naman nina Ferdie at Fina ang bahala sa mga damit.

**Janet** : E ako, ano ang gagawin ko?

**Myrna** : Janet, tayo na lamang ang bahalang

magtali ng mga supot na kanilang gagawin.
Nang matapos ang kanilang gawain.

**Rosa :** Bb. Luz, lalakad na po kami. Natapos na po naming iempake ang damit at pagkain na ibinigay po ninyo sa amin.

**Bb. Luz:** Maraming salamat sa inyo ha. Maliliit man kayo ay malaking tulong naman ang ibinigay ninyo para mapadali ang aming gawain.


**Lino :** Sige po.

## Linangin Natin

Sa tulong ng larawan, piliin ang angkop na pamalit sa ngalan ng tao sa bawat pangungusap.

"Lahat  (kami, tayo) ay maglilinis ng bahay," wika ni Miguel.

"Nautusan  (kayong, kaming) magpunas ng sahig.

 "(Sila, Kayo) naman ang magtatanggal ng agiw sa kisame.

"Kayo naman ang magpupunas ng kagamitan sa bahay samantalang  ( sila, kami) ang magwawalis ng bakuran."

## Tandaan Natin

Ginagamit ang sila sa ____________________.
Ang kayo naman ay para sa ________ at ang tayo ay sa _____.

## Pagyamanin Natin

Kasama ang iyong pangkat, sumulat ng isang usapan tungkol sa pagtulong sa kapwa. Gamitin ang kami, tayo at sila.

## Alamin Natin

Pag-aralan ang **graph** na bubuuin mo kasama ang iyong mga kaklase at guro.

## Lingangin Natin

Itanong sa mga kaklase kung ilan ang babae at lalaki sa kanilang pamilya. Gumawa ng isang **graph** upang ipakita ang impormasyong nakuha.

## Tandaan Natin

Natutuhan ko sa aralin na ito na ang __________ ay _________________________________.

## Pagyamanin Natin

Ipakita sa isang **graph** ang mga impormasyon na tungkol sa pangarap naming magkakaibigan.

Sina Aian, Vans, at Ryan pangarap nilang maging artista.
Sina Tina at Ryzel, ay nangangarap na maging doktor.
Pangarap ni Rachelle na maging dentista.
Ako at si Martin naman nais naming maging guro.

7
Aralin

# Paniniwala Ko

## Alamin Natin

Alamin sa kuwento kung paano ipinakita ng mag-anak ang kanilang pagkakaisa sa gitna ng suliranin.

### Huwag Mawalan ng Pag-asa

*ni Jenny-Lyn U. Trapane*

Isang araw, masayang nagkukuwentuhan ang mag-iina habang hinihintay nila si Mang Lando buhat sa kaniyang pinagtatrabahuhan. Maya-maya ay humahangos na dumating

si Mang Ador. Ibinalita niya na si Mang Lando ay dinala sa ospital.

Noon din ay nagtungo ang mag-iina sa ospital na pinagdalhan kay Mang Lando. Kasalukuyang nagpapahinga na siya nang dumating ang kaniyang pamilya.

"Salamat sa Panginoon at buhay pa ako. Nag-alala ako masyado kasi naisip ko kayong lahat. Paano na tayo ngayon na wala na akong trabaho?" ang malungkot na sabi ni Mang Lando.

"Huwag kang magsalita ng ganyan. Ang mahalaga ay ligtas ka na," nakangiting wika ni Aling Elena.

Halos magkakasunod namang nagsalita ang kanilang mga anak. "Opo nga, Itay.Hayaan po ninyo at lalo pa naming pagbubutihin ang aming pag-aaral. Magtitipid na rin po kami sa aming mga kagamitan."

"Salamat mga anak. Hayaan ninyo, kapag malakas na ako ay maghahanap agad ako ng bagong trabaho," masigla nang sambit ni Mang Lando.

"Alam kong hindi tayo pababayaan ng Panginoon. Halina kayo. Sama-sama tayong magdasal. Huwag tayong mawalan ng pag-asa," yaya ni Aling Elena.

Naniniwala ang Pamilya Reyes na malalampasan nila ang anumang pagsubok sa kanilang pamilya basta't sila ay sama-samang nanalig sa Panginoon.

## Linangin Natin

Palitan at dagdagan sa una o huling pantig ng mga nakalistang salita upang makabuo ng bagong salita. Isulat ang iyong sagot sa **notebook.**

| | Pinalitan | Dinagdagan |
|---|---|---|
| laso | | |
| lawa | | |
| mali | | |
| papaya | | |

## Tandaan Natin

Makabubuo ako ng mga bagong salita kung __________.

## Pagyamanin Natin

Sa isang malinis na papel, sumulat ng isang salita na may tatlong pantig. Pumili ng isang kaklase na magdadagdag o magpapalit ng pantig ng naisulat mo upang makabuo ng bagong salita.

## Alamin Natin

Suriin ang mga pangungusap. Subuking ilagay ang angkop na panghalip sa bawat patlang.

1. Si Marco, Gab at ako ay magsasanay sa **badminton**.
   _____ ay lalahok sa paligsahan sa **badminton**.
2. Sina Peter, Gary, ikaw at ako ay nakakuha ng mataas na marka sa pagsusulit.
   _____ ay nag-aral na mabuti.
3. Sina Mang Carding, Aling Perla at ikaw ay modelong hinahangaan ng karamihan.
   _____ ay tumutulong sa mga taong nangangailangan.
4. Sina Carlos, Jenny at Edward ang nanalo sa palaro.
   _____ ay pinarangalan sa aming barangay.

## Linangin Natin

Sumulat ng pangungusap na gagamit ng sila, kayo, tayo at kami tungkol sa pagtutulungan sa pamilya.

## Tandaan Natin

Ang _______________ ay inihahalili sa ngalan ng tao.

_______ ang ginagamit sa halip na ngalan ng taong nagsasalita at mga kasama.

_______ ang ginagamit sa halip na ngalan ng taong kausap at mga kasama.

_______ ang ginagamit sa halip na ngalan ng taong pinag-uusapan at mga kasama.

_______ ang ginagamit sa halip na ngalan ng taong nagsasalita at kaniyang mga kasama.

## Pagyamanin Natin

Kasama ang iyong kapangkat, gumawa ng isang dula-dulaan na ipakikita sa buong klase. Gamitin ang mga panghalip na natutuhan sa aralin ngayon.

## Alamin Natin

Natatandaan mo ba kung paano gamitin ang diksiyunaryo?

Balikan at pag-aralan mo ang pahina ng diksiyunaryo sa pahina 14.

## Linangin Natin

Gamit ang iyong diksiyunaryo, ibigay ang hinihingi ng talaan.

| Salita | Kahulugan | **Dictionary Entry** |
|---|---|---|
| mabait | | |
| mahalaga | | |
| malinis | | |
| mayaman | | |

## Tandaan Natin

Ang _______________ ay makatutulong sa akin upang mapadali ang paghahanap ng _________.

## Pagyamanin Natin

Itala ang tatlong salitang hindi mo naunawaan sa mga nagdaang aralin. Isulat ang hinihingi ng talaan.

| Salita | Kahulugan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

## Aralin 8

# Karapatan Ko

## Alamin Natin

Bakit kaya **excited** si Flor?

Limang Tulog
*ni Florenda B. Cardinoza*

Limang tulog na lang. **Excited** na ako. Mamamasyal kami sa Maynila. Naisip ko tuloy ang mga naglalakihang gusali. Ang maiingay na busina ng mga sasakyan at ang mga taong parang langgam sa dami at sa bilis ng lakad.

Naisip ko rin ang mga bibilihin kong gamit sa paaralan. Kailangan ko ng **ruler**, lapis, **notebook**, bag, at sapatos. Hindi ko namalayan na nakatulog na pala ako.

Kinabukasan maaga akong nagising . Ang sakit ng ulo ko. Giniginaw rin ako. Paano na ako makasasama sa Maynila?

Pagpasok ni Nanay, may dala siyang isang basang bimpo at gamot.

## Linangin Natin

Kasama ang iyong pangkat, ipakita sa isang dula-dulaan ang maaaring maging wakas ng isang sitwasyon na mapipili ng inyong pangkat.

1. May sakit si Celia. Dinala siya sa doktor.
2. May pagsusulit sina Peachy. Napuyat siya dahil sa **computer games.**
3. Maraming basura sa paligid ng bahay nina Kenneth.
4. Sa umaga ay nagtitinda muna ng diyaryo si Jayson bago pumasok sa paaralan.

## Tandaan Natin

Sa aralin ngayon, natutuhan ko na ________________.

## Pagyamanin Natin

Sipiin ang isang sitwasyon at tapusin ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng sariling wakas.


1. Namasyal ang magkaibigang Rino at Lito. Nagpasya silang manood ng sine. Papasok na sila sa sinehan nang mapansin ni Lito na nawawala ang kaniyang pitaka.
2. Sumama si Anna sa kanilang **field trip** sa Maynila. Nawili siya sa panonood ng iba't ibang hayop. Hindi niya namalayan na napahiwalay na siya sa kaniyang grupo.
3. Lahat ng barya ay inihuhulog ni Buboy sa kaniyang maliit na alkansiya. Minsan, kailangan niyang makabili ng gamit sa kaniyang proyekto at kulang ang ibinigay ng kaniyang Tatay.

## Alamin Natin

Ano ang sinasabi mo sa kapatid mo kung may nais kang hiramin sa kaniya? Tingnan natin sa usapan kung paano ito isinagawa ng ating bida.






## Linangin Natin

Humanap ng kapareha. Gumawa ng usapan tungkol sa panghihiram ng gamit.

## Tandaan Natin

Ang ito ay ginagamit kung ________________, ang iyon naman ay kung ____________ at ang iyan ay kung __________.

## Pagyamanin Natin

Humanap ng isang bagay na nakikita sa paligid mo. Ituro ito sa klase gamit ang ito, iyon o iyan.

## Alamin Natin

Buksan ang Talaan ng Nilalaman ng Kagamitan ng Mag-aaral. Hanapin at isulat sa **notebook** ang pahina ng Aralin 8 - Karapatan Ko.

Mula sa kuwentong "Limang Tulog," sumipi ng dalawang salita na may tatlo o apat na pantig. Isulat ang kahulugan ng mga ito mula sa diksiyunaryo.

## Linangin Natin

Buksan ang Talaan ng Nilalaman. Sumipi ng dalawang aralin at ang pahina nito.

Sumipi ng isang salita na nabasa mo sa mga nagdaang aralin. Isulat ang kahulugan nito mula sa diksiyunaryo.

Sipiin ang isang pangalan ng sumulat ng aklat na ito.

## Tandaan Natin

Natutuhan ko sa aralin na ito na ______________________ ____________________________________.

## Pagyamanin Natin

Kunin muli ang ginawang **dummy** ng isang aklat sa naunang aralin. Isulat sa bawat bahagi nito ang mga makikitang impormasyon dito.

# Aralin 9 Tungkulin Ko

## Alamin Natin

Mahilig ka bang kumain ng tsokolate? Masama ba ito o mabuti sa iyong kalusugan? Basahin ang talata upang malaman ang kasagutan sa tanong na ito.

### Benepisyo ng Tsokolate

http://www.philstar.com/para-malibang/2013/01/26/901204/benepisyo-ng-chocolAte

Isa sa mga karapatan ko bilang isang bata ay mabigyan ng sapat at masusustansiyang pagkain. Tungkulin ko naman na panatilihing malusog ang aking pangangatawan. Kailangang piliin ko ang aking mga pagkain. Pero hindi naman ibig sabihin nito, hindi na ako kakain ng mga pagkaing talagang gusto ko tulad ng tsokolate. Sabi nila masama ito sa aking kalusugan lalo na sa aking mga ngipin.

May nabasa ako na hindi naman pala sa lahat ng pagkakataon ay masama ang epekto ng ilang pagkain sa ating katawan, lalo na ang mga matatamis gaya ng tsokolate. Sa totoo lang may ilang benepisyo rin ang nakukuha dito. Ilan sa mga ito ay:

***Nakakapayat –*** Tama ang pagkakabasa mo, nakakapagpapayat ang tsokolate, kabaliktaran sa pag-aakala ng marami na ito ay nakakataba. Sa ginawang pag-aaral ng mga eksperto sa **University of California**, natuklasan na nakakapagpabilis ng metabolismo ang tsokolate. Dahil dito, agad na natutunaw sa ating katawan ang **calories** na nagiging sanhi ng pagtaba.

***Nakapagpapatalino*** – Kukuha ka ba ng pagsusulit? Bakit hindi muna kumain ng ilang **bar** ng tsokolate para mas gumana ang iyong **IQ**? Ang **dark chocolAte** ay mayaman sa kemikal na nakapagpapaalerto sa utak ng tao. Ito ay ang **flavonoids**. Nagpapabilis ang kemikal na ito ng daloy ng dugo na patungo sa utak.

***Nakapagpapalakas*** – Mahusay itong baunin kung ikaw ay namamasyal. Bakit? Tumutulong kasi ang **theobromine** na taglay nito para mas lalo kang lumakas. Ang kemikal na ito ay matatagpuan din sa kape at ilang **energy drink**. Maganda din itong pagkunan ng **magnesium** at **chromium** na kilala bilang **energy producer**.

***Nakakaalis ng kulubot sa mukha/balat*** – Kung ang mga prutas at gulay ay nagtataglay ng **antioxidants**, gayundin ang tsokolate na siyang nagbibigay ng makinis na mukha o kutis sa iyo.

## Linangin Natin

Sa isang talaan katulad ng nasa ibaba, isulat ang mga dati mong kaalaman tungkol sa pagkain ng tsokolate. Sa tapat nito, isulat naman ang bago mong nalaman tungkol sa pagkain na ito.

| Noon | Ngayon |
|---|---|
| Masama sa katawan | Mabuti sa katawan |
| | |
| | |

## Tandaan Natin



Natutuhan ko sa araling ito na ____________________
____________________________.


## Pagyamanin Natin

Ipakita sa pamamagitan ng paggawa ng isang poster ang natutuhan mo sa aralin ngayon.

## Alamin Natin

Suriin ang mga larawan. Ano kaya ang sinasabi ng bawat tauhan? Gumawa ng pangungusap gamit ang ito, iyon, at iyan.



## Linangin Natin

Tumayo at bumuo ng isang malaking bilog. Ipasa ang bola habang may tugtog. Kapag tumigil ang tugtog ang batang may hawak ng bola ang magbibigay ng isang pangungusap gamit ang ito, iyan, at iyon.

## Tandaan Natin

Natutuhan ko sa araling ito na ang salitang ito, iyan, at iyon ay mga panghalip na ipinapalit o inihahalili sa pangngalang bagay o lugar na itinuturo.


Ginagamit ang ______ kung hawak o malapit sa nagsasalita ang bagay na itinuturo.

Ginagamit ang ______kung hawak o malapit sa kinakausap ang bagay na itinuturo.

Ginagamit ang _______kung ang itinuturong bagay ay malayo sa nag-uusap.

## Pagyamanin Natin

Gamit ang mga larawan, sumulat ng isang usapan gamit ang <u>ito</u>, <u>iyon,</u> at <u>iyan</u>.



## Alamin Natin

Balikan ang mga larawan sa naunang aralin. Sumulat ng isang pangungusap tungkol dito.

## Linangin Natin

Sa iyong sagutang papel, isulat nang wasto ang sumusunod na pangungusap.

1. naku Maraming namatay sa lindol
2. bakit ayaw niyang sumama
3. nakita ko silang namamasyal sa luneta
4. wow ang ganda nang babae na nanalo sa **miss world**.
5. saan ka nakatira ngayon

## Tandaan Natin

Ang mga malalaking letra ay ginagamit sa _________.
Ang tuldok ay ginagamit sa ___________________.
Ang tandang padamdam ay ginagamit sa ____________.
Ang tandang pananong ay ginagamit sa _______________.
Ang kuwit naman ay ginagamit sa ____________________.

## Pagyamanin Natin

Isulat sa iyong **notebook** ang "Panatang Makabayan."

# Aralin 10 Kaibigan Ko

## Alamin Natin

Alamin sa kuwento kung sino ang mga naging bagong kaibigan ng ating bida.

### Bagong Kaibigan

*ni Bernard G. Umali*

May napulot akong papel. Nakasulat doon na may matatagpuan daw akong isang kaibigan. Kinakailangan ko raw na sumakay upang matagpuan ito. Umuwi ako agad sa amin dahil baka naroon na ang kaibigang tinutukoy ng papel.

Sumakay ako sa likod ng kabayo pero wala doon ang bagong kaibigan. Binuksan ko ang bintana at nakita ko doon ang aming hardin. Maraming halaman at insekto doon. Masaya silang naglalaro pero hindi ko sila maintindihan. Lumabas ako sa likod-bahay at nagpunta sa dagat. Sumakay ako ng bangka upang hanapin ang aking kaibigan pero walang ibang tao sa dagat. Ah, alam ko na. Sumisid ako sa ilalim ng dagat, sumakay ako sa likod ng **dolphin** at doon, nakita ko ang iba't ibang hayop

at halaman, pero hindi ako mabubuhay doon. Kaya bumalik na lamang ako sa amin.

Gabi na nang makauwi ako. Mula sa aking silid ay may natanaw akong maliwanag sa langit. May isang bituin na ubod ng laki. Aha! Pupuntahan ko ang bituin. Kumapit ako sa lobo at pinuntahan ko ito. Pero walang tao roon. Mula sa itaas ay tanaw na tanaw ko ang daigdig na bilog at nagliliwanag. Ang ganda ng kulay. Para itong bolang umiilaw. May kulay bughaw, luntian at kulay lupa. Naisip kong bumalik na, mula sa itaas ay nagpalundag-lundag ako sa mga ulap. Ang sarap! Parang mga bulak! Nagpadulas ako sa bahaghari! Subalit wala pa rin akong kalaro kaya gumamit ako ng isang malaking payong at ginawa kong **parachute**. Napunta ako sa kagubatan. Doon ay nagpupulong ang mga hayop. Hindi ko sila maintindihan kaya bumalik ako sa amin sakay-sakay ng isang elepante. Mayamaya ay kinalabit na ako ni Inay.

"Gising na anak, may pasok ka ngayon."

"'Nay, nanaginiip ako na may makikilala akong bagong kaibigan!"

"Oo. Meron nga, doon sa inyong paaralan kaya gumising ka na at darating na ang **school bus**."

## Linangin Natin

Basahin mo ang kuwento at ibigay ang hinihiling sa ibaba. Gawin ito sa iyong **notebook**.

### Ang **Robot** ni Elmer

Malakas ang ulan kaya nawalan ng pasok. Naisip ng magkakaibigan na sina Elmer, Cire, at Dustin na maglaro na lamang sa loob ng bahay nina Elmer.

Pagpasok sa bahay, nag-una-unahan sila sa pagkuha ng bagong **robot** na padala ng Tatay ni Elmer. Nang bigla itong bumagsak sa sahig.

Natigilan ang lahat. Nang damputin ito ni Elmer, nakahinga siya nang maluwag nang makitang hindi naman pala ito nasira.

Isulat sa **notebook** ang iyong sagot sa sumusunod na tanong.

1. Ano ang pamagat ng kuwento na iyong binasa?
2. Sino-sino ang tauhan?
3. Saan ito naganap?


4. Kailan ito naganap?
5. Ano ang suliranin?
6. Ano ang wakas ng kuwento?

## Tandaan Natin

Ang isang kuwento ay may mga elemento tulad ng __________, ____________, at ____________________.

## Pagyamanin Natin

Matapos basahin ang isang kuwentong napili mo, kumpletuhin ang balangkas na ito.







## Alamin Natin

Iguhit si Bernard at ang isang bagay na nakita niya sa kaniyang panaginip. Sumulat ng isang pangungusap tungkol dito gamit ang ito, iyon, o iyan.

## Linangin Natin

Ano kaya ang sinasabi ng tauhan sa bawat larawan? Isulat ito sa iyong **notebook**.

## Tandaan Natin

Ang ito ay ginagamit sa ___________. Ang iyon naman ay sa _____________ at ang iyan ay sa _________________.

## Pagyamanin Natin

Gumawa ng isang komik istrip upang maipakita mo ang wastong gamit ng ito, iyan at iyon.

## Alamin Natin

Anong pangyayari ang iyong napakinggan?
Ibahagi ito sa iyong mga kapangkat.

## Linangin Natin

Basahin at suriin ang naisulat na talata ng iyong pangkat. Isulat mo ito nang wasto sa iyong **notebook**.

## Tandaan Natin

Sa pagsulat ng isang talata dapat kong tandaan na __________.

## Pagyamanin Natin

Sumulat sa iyong **notebook** ng isang talata na may tatlo hanggang limang pangungusap tungkol sa isang pangyayaring iyong napakinggan.